Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE 8-19

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA SA KAGALANG-GALANG BATASANG BAYAN NOONG IKA-11 NG AGOSTO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 187-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RONALDO ZAMORA, KALIHIM-TAGAPAGPAGANAP, TANGGAPAN NG PANGULO NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG TATLUMPUNG MILYONG PISO (P30,000,000.00) UPANG MAGSILBING GUGULIN SA PAGPAPAGAWA NG BAGONG MATADERO (SLAUGHTERHOUSE).

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makapagpagawa ng isang bagong matadero upang maging angkop sa mabilis na paglago at pag-unlad ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang kasalukuyang matadero sa bayang ito ay lubhang maliit, masikip at di na makabago dahilan sa kalumaan at katagalan na;

**SAPAGKA'T,** ang mga amoy at dumi na nagmumula sa mga kinatay na hayop ay lumilikha ng masamang amoy at polusyon sa mga kalapit na lugar maging sa pamilihang bayan;

**SAPAGKA'T,** ang mga hayop na kinakatay bawat araw sa kasalukuyang matadero batay sa dami na maaaring ipasok at katayin ay di sapat at kulang upang matugunan ang pangangailangan ng lumalaking bilang ng mga mamamayan sa bayang ito at mga kanugnog na bayan sa lalawigan;

**SAPAGKA'T,** may lupang pag-aari ang pamahalaan na pagtatayuan ng bagong matadero;

**SAPAGKA'T,** di kayang ipatupad ng pamahalaang bayan ang pagpapagawa ng matadero dahilan sa kakulangan ng pondo;

**SAPAGKA'T,** ang pagpapagawa ng matadero ay maisasaalang-alang sa tulong at pamamagitan ng Kgg. Ronaldo Zamora, na siyang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga mamamayan sa bansa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Kgg. Ronaldo Zamora, Kalihim-Tagapagpaganap, Tanggapan ng Pangulo ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P30M upang magsilbing gugulin sa pagpapagawa ng bagong matadero (slaughterhouse).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Ronaldo Zamora, Malacañang, Maynila, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad at Pambayang Inhinyero, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: W
DATE 8-19
...CRUZ, LAGUNA